Marso 2021

Minamahal naming Kapit-bahay,

Bilang katuwang sa komunidad, nagbabahagi kami sa iyo ng ilang impormasyon. Nag-o-operate ang Sofina Foods Inc. sa Burlington sa Appleby Line at Harvester Road. Ang pasilidad na ito ay isa sa pinakamalaking employer sa Burlington, at ipinagmamalaki naming 60 taon na kaming nakikipagnegosyo sa Burlington.

## Pananatiling Nabibigyan Kayo ng Impormasyon: Kaligtasan sa Ammonia sa Planta ng Burlington

### Bakit namin ibinabahagi ang impormasyong ito sa iyo?

Bilang katuwang sa komunidad, ipinapaalam namin sa lahat ng katabing residente at negosyo ang tungkol sa paggamit ng ammonia sa aming pasilidad.

### Ano ang ammonia?

Maraming anyo ang ammonia kabilang ang isang walang kulay na gas, likido o isang puting singaw. Tulad ng karamihan ng kemikal, kapag napamahalaan nang maayos, napakaligtas ng ammonia.

### Paano gumagamit ng ammonia ang Sofina?

Tulad ng ibang kumpanya, gumagamit kami ng ammonia sa aming pasilidad bilang refrigerant para mapanatiling malamig ang aming mga produkto. Gaya ng kinakailangan, naka-imbak ito sa mga pressure vessel na matatagpuan sa isang engine room at dinadala ito mula sa mga vessel na iyon sa pamamagitan ng isang saradong sistema ng mga tubo, para palamigin ang mga unit sa aming mga production area, storage room, cooler, at mga freezer.

Ang sistema ng ammonia ng Sofina ay pinapanatili ng lubhang sinanay na tauhan ng Sofina at mga third-party na espesyalista sa pamamagitan ng masusing proseso at iskedyul ng pagme-maintain bilang pang-iwas. Dagdag pa rito, mayroong mga sistema sa pagsubaybay ang aming sistema sa pagpapalamig sa aming mga engine room para alertuhan ang aming team tungkol sa anumang posibleng problema kaugnay sa isang posibleng pagsingaw.

### Ano ang kailangan mong malaman?

Sa lubhang hindi malamang na pangyayari kung saan magkakaroon ng pagsingaw kaugnay sa ammonia, mayroon kaming mga hakbang na ginagamit na katulad ng sa iba pang kumpanya na gumagamit ng ammonia.

Mahalagang malaman mo ang mga sumusunod:

- Maaari kang makarinig ng malakas na sirena. Ibig sabihin nito mayroong pagsingaw sa aming planta sa Burlington na kaugnay sa ammonia.
- Magpapadala ng text message ang Sofina sa lahat ng sumali sa aming sistema ng pagbibigay ng abiso sa text. Nasa ibaba ang mga instruksiyon sa pagsali at ito ang iyong pinakamagandang paraan para manatiling may nalalaman.
- Kailangan mong “Manatili sa Loob (Shelter-in-Place)”. Ibig sabihin nito kailangan mong manatili sa kinaroroonan mo at huwag kang lalabas. Kung nasa labas ka, dapat kang pumasok kaagad sa loob.

- Kung ikaw ay “Nananatili sa Loob” at ikaw ay nasa bahay, isara ang iyong mga bintana at pinto at patayin ang bentilasyon mo at/o air conditioning. Ang pananatili sa loob ay pinakamagandang paraan para maprotektahan ang iyong sarili.
- Kung ikaw ay “Nananatili sa Loob” at nasa loob ka ng iyong sasakyan, manatili sa iyong sasakyan, magparada sa isang ligtas na lugar at patayin ang makina.
- Kapag sinuri na ng Fire Department ang sitwasyon, makikipagtulungan sila sa Halton Region Police at Paramedic Services para malaman ang mga naaangkop na susunod na hakbang.
- Sa buong emergency, sasabihan ang publiko tungkol sa kalagayan ng pagtugon sa emergency at ang mga aksyong ginagawa para maayos ang sitwasyon.
- Mahigpit na makikipagtulungan ang team sa Sofina sa Burlington Fire Department at sa Halton Region Police at Paramedic Service. Maaari mong tingnan ang aming website sa www.sofinafoods.com para sa mga update at bisitahin ang mga social media platform ng Lungsod ng Burlington: Twitter @cityburlington @burlingtonfire and www.burlington.ca/en/

Maaaring kasama sa mga sintomas ng pagkakalantad sa ammonia ang pananakit sa iyong mga mata, ilong o lalamunan at sa mga malubhang kaso, kahirapang huminga. Kung nakakaranas ka ng mga sintomas na ito, dapat mong takpan ang iyong mga tainga, ilong o bibig ng tuwalya o ng isang uri ng tela at lumipat sa isang lugar na nasa loob. Dapat mong panatiling nakasara ang iyong mga pinto at bintana at kung kinakailangan, maglagay ng mga tuwalya sa paanan ng pinto. Kung naniniwala kang nalantad ka sa ammonia, dapat kang magpatingin sa isang medical practitioner – alinman sa iyong doktor ng pamilya o sa pangangalagang pang-emergency kung kinakailangan.

**Para sa higit pang impormasyon**

**Mga Alerto sa Text:**
Ang sistema ng alerto sa text ang magiging pinakamabilis na paraan para makatanggap ng impormasyon at manatiling may nalalaman. Mangyaring mag-sign up ngayon. Matatanggap mo lang ito kung magkakaroon ng emergency. Paki-text ang **1-888-217-6557 at ang salitang ‘ADD’** para maidagdag sa aming listahan ng contact. Hindi kami nangongolekta ng anumang personal na impormasyon mula sa serbisyong ito, at anumang oras ay puwede kang tumigil sa pagsali dito.

**Makipag-ugnayan sa Amin:**
emergencyresponse@sofinafoods.com / 905-637-2301

**Iba pang mga wika:**
Para tingnan ang dokumentong ito sa iba pang mga wika, pakibisita ang: www.sofinafoods.com/info